

Popular na Debosyon sa mga Kapatagang Kalinangan sa Kaisipan ni Leonardo N. Mercado: Isang Eksposisyon sa Diwa ng Araling Kapantasan

Mark Joseph Pascua Santos^{1,2}

ABSTRACT

Araling Kapantasan -- ito ang pangalang itinaguri sa isang akademikong proyektong pinasimulan upang bigyang-puwang ang pagpapahalaga sa mga Pilipinong pantas. Naglalayon itong palaguin ang umiiral na mga literatura sa wikang Filipino na nagsasagawa ng ekspositoriyong pananaliksik o pagsusuri sa kaisipan ng mga Pilipinong pantas, na matatagpuan sa korpus ng kanilang mga akda. Ang pagsusulong nito ang dahilan ng pag-atupag ng may-akda sa kaisipan ng ilang historyador gaya nina Zeus Salazar at Atoy Navarro, gayundin ng teologong si Karl Gaspar. Sa pagkakataong ito ay isasagawa ang eksposisyon sa kaisipan ng isa pang Pilipinong pantas, ang teologo-pilosoper na si Leonardo N. Mercado. Sa mga nakaraang taon, marami nang nagsisulputang limbag na eksposisyon ukol kay Mercado. Bagaman mahalaga ang mga naunang pag-aaral, lahat ay nakatuon sa mga ambag ni Mercado sa Pilosopiyang Pilipino. Wala pang naglilimbag ukol sa mga kaisipan niya sa Teolohiyang Pilipino. Bilang pag-aambag sa puwang na ito, pagtutuunan ng pansin ang isang paksa sa loob ng kapantasang teolohikal ni Mercado: popular na debosyon. Matapos ang paglalalatag ng ilang impormasyon ukol sa buhay ni Mercado, na mahalaga sa pag-unawa sa kanyang teolohiya, isasagawa ang sistematisasyon sa kaisipan ni Mercado ukol sa popular na debosyon sa pamamagitan ng tekstuwal na pagbaybay sa 19 aklat niya (mula sa kabuuang 32 aklat). Palilitawin dito ang ilang tema ng kaisipan ni Mercado ukol sa popular na debosyon tulad ng pagpapakahulugan niya rito, pagsasanib ng Kristiyanismo at tradisyunal na relihiyon, pagbabago ng pananaw ng simbahan sa popular na debosyon, depensa sa popular na debosyon laban sa mga kritisismo, popular na debosyon bilang inkulturasyon, pagsasakatutubo, sukatan ng pagiging balido, at lohika ng popular na debosyon. Yamang nakatuon ang kontribusyon ni Mercado sa popular na debosyon sa mga kapatagang kalinangan, hindi rito kasama ang relihiyosidad ng ibang katutubong kalinangang Pilipino tulad ng mga nasa Cordillera, Palawan, at ilang Lumad sa Mindanao.

Keywords: *Araling Kapantasan, eksposisyon, Leonardo Mercado, popular na debosyon, Teolohiyang Pilipino*

INTRODUKSYON

Malaganap sa akademyang Pilipino ang labis-labis na pagdadambana sa mga banyagang intelektuwal. Madali itong mapapansin kapag tinanong mo ang mga estudyanteng nagmamedyor sa iba't ibang larangan kung sino ang pinakakilala o pinakamadalas mabanggit na intelektuwal sa kanilang disiplina. Halimbawa, kapag

tinanong mo ang mga nagmamedyor sa pilosopiya, malamang na banggitin nila sina Aristotle, Immanuel Kant, at Friedrich Nietzsche. Sa mga nagpapakadalubhasa sa teolohiya, bukap-bibig sina Augustine, Thomas Aquinas, at Karl Rahner. Sa mga nasa sosyolohiya, hindi pwedeng 'di mabanggit sina Emile Durkheim, Karl Marx, at Max Weber. Napakadalas na sipiin ang salita ng mga ito, isayt sila sa bibliograpiya, gamitin ang kanilang mga teorya bilang konseptuwal na balangkas sa mga tesis/disertasyon, at gawing paksa sa mga artikulo at aklat sa hanay ng mga Pilipinong akademikong.

Siyempre ay hindi naman masama sa sarili nito ang pagpaksa sa kanila o paggamit sa kanilang kaisipan, lalo

✉: pascuasantos77@gmail.com

¹De La Salle University, 2401 Taft Avenue, Malate, Manila 1004, Metro Manila, Philippines;

²Philippine Women's University, 1743 Taft Avenue, Malate, Manila 1004, Metro Manila, Philippines

Received 18 June 2025; Revised 10 February 2026; Accepted 19 May 2026



na kung may saysay ang kanilang ideya sa kontekstong Pilipino. Gayunman, dahil sa labis-labis na pagpaksa sa kanila at paggamit sa kanilang kaisipan, maraming pagkakataon na nawawalan na ng espasyo ang pag-aaral sa sarili nating mga Pilipinong pantas. Dagdag pa rito, ang labis-labis na paggamit sa kanilang ideya ay humahantong kung minsan sa tinatawag ni Syed Farid Alatas (2006) na *irrelevant social science*. Aniya, dapat tandaan na ang mga teorya ng mga Kanluraning intelektuwal ay bunga ng pag-aaral nila sa kontekstong Kanluran. Dahil sa labis na paggamit sa kanilang kaisipan, may mga pagkakataon umano na ang mga pag-aaral na nailuluwal ng mga akademiko sa Timog Silangang Asya ay nawawalan ng saysay sa mismong lipunan nila.

Sa isang artikulo ni Ramon Guillermo (2016), nagsagawa siya ng payak na pagbibilang sa padron ng pagsipi (*citation pattern*) sa Pransya, Alemanya, Indonesia, at Pilipinas. Ipinakita niya kung paanong karamihan ng bibliograpiya ng mga akda ukol kay Marx sa Pransya, Alemanya, at Indonesia ay nakasulat sa kani-kanilang wikang pambansa. Kumpara rito, sa Pilipinas, karamihan ng nasa bibliograpiya ng mga aklat ay nasa wikang Ingles at sinulat ng mga banyaga. Kahit na pareho ang pinapaksa ng dalawang Pilipino (halimbawa, popular na debosyon), at kahit na kakaunti na nga lang silang mga Pilipinong nagsusulat ukol sa paksang ito, hindi nila binabasa ang isa't isa at mas sinasayt pa nila ang mga banyagang nagsulat sa parehong paksa. Giit ni Ramon Guillermo, ito ang dahilan kung bakit hindi tayo makabuo sa Pilipinas ng isang nagsasariling komunidad pangkomunikasyon o intelektuwal na komunidad. Hindi tayo nag-uusap-usap bilang akademikong komunidad, at mas binabasa't sinasayt pa natin ang mga banyaga. Ito rin siguro ang dahilan kung bakit nasambit ni Jose de Mesa (2017) ang mga salitang ito sa konteksto ng disiplina ng teolohiya:

[W]ala pang tradisyong teolohiko ang Pilipinas na masasabi na “sariling atin.” Nagsisimula pa lamang tayo at marami pang gagawin upang maitaguyod ng masinsinan ang pagbubuo ng teolohiyang Pilipino.

Ang ganitong kakulangan ng pagpapahalaga sa mga Pilipinong pantas ang dahilan kung bakit ko sinimulang ikonseptuwalisa ang “Araling Kapantasan.” Unang beses kong detalyadong ipinaliwanag ang konseptong ito sa isang panayam sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (Santos 2023). Sa ganitong paraan ko binigyang-kahulugan ang Araling Kapantasan:

Sistematikong eksposisyon sa wikang Filipino ng kaisipan ng mga pantas ng akademya, pangunahin na ng mga Pilipinong pantas.

Bilang isang proyektong akademiko, sumasandig ito sa Bagong Kasaysayan (sa anyo ng Kasaysayang Kapantasan) at Araling Kabanwahan (sa anyo ng Araling Kapantasan). Pangunahin nitong batis ang mga tekstong isinulat ng mga pantas, kanilang mga lektura, at pakikipanayam sa kanila, at pantulong na batis naman ang eksposisyon ng ibang tao sa kanila, biograpiya, festschrift, rebyu sa mga akda, mga artikulong tribyut, at iba pa.

Makatutulong ang Araling Kapantasan sa pagpapalago ng anumang akademikong disiplina. Layunin ng Araling Kapantasan na magluwal ng isa-isang eksposisyon o pag-aaral sa kaisipan ng mga Pilipinong pantas sa isang partikular na larangan. Kapag pinagsama-sama ang mga eksposisyon na ito, unti-unting mabubuo ang kasaysayang kapantasan (intellectual history) ng isang larangan. Halimbawa, kung isusulong ang Araling Kapantasan sa disiplina ng teolohiya, isa-isang gagawan ng artikulo/aklat/tesis ang kaisipan ng mga Pilipinong pigura ng teolohiya tulad nina Jose de Mesa, Dionisio Miranda, Karl Gaspar, Melba Padilla Maggay, at iba pa. Kapag dumami na ito, unti-unting mabubuo ang kasaysayang kapantasan ng disiplina ng teolohiya. Ang pagkabuo ng kasaysayang kapantasan ay makatutulong sa higit pang pagpapalago sa isang disiplina dahil maimamapa nito ang produksyong intelektuwal ng larangan, na batayan para malaman kung ano pa ang mga dapat gawin ng kasalukuyang mga akademiko para sa paglago nito sa hinaharap.

Ang ganitong paniniwala sa halaga ng Araling Kapantasan sa pagpapalago ng mga disiplina ang dahilan kung bakit ekspositoriyong pananaliksik sa kaisipan ng mga Pilipinong pantas ang isa sa pinakamadalas kong paksain sa mga publikasyon at presentasyon. Ilan sa mga Pilipinong pantas na sinubukan kong gawan ng eksposisyon ay sina Zeus Salazar, Atoy Navarro, Prospero Covar, Nilo Ocampo, Michael Charleston “Xiao” Chua, Federico Villanueva, Karl Gaspar, at Dante Guevarra.

Kaya naman, ang kasalukuyang artikulo ukol kay Leonardo Mercado ay pagpapatuloy lamang ng ganitong adbokasiya ng Araling Kapantasan. Ang pagkakaiba lamang sa mga naunang publikasyon at presentasyon, pagtutuunan natin ng pansin ang popular na debosyon (partikular sa konteksto ng mga kapatagang kalinangan) gamit ang mga akda ni Mercado sa Teolohiyang Pilipino.

METODO

Para isagawa ang eksposisyong ito, nagsagawa ako ng tekstuwal na pagsuyod sa mga limbag na aklat at

Talahanayan 1. Mga gagamiting aklat ni Mercado na may pagtalakay sa popular na debosyon

Pamagat	Taon ng Pagkalimbag
Elements of Filipino Theology	1975
Filipino Religious Psychology	1977
Elements of Filipino Ethics	1979
Christ in the Philippines	1982
Inculturation and Filipino Theology	1992
Doing Filipino Theology	1997
Filipino Popular Devotions: The Interior Dialogue Between Traditional Religion & Christianity	2000
From Pagans to Partners: The Change in Catholic Attitudes Towards Traditional Religion	2000
Inter-Religious Explorations: The Challenge and Rewards of Inter-Religious Dialogue	2004

monograp ni Mercado, kung saan siya ang tumayong may-akda o patnugot. Hindi na muna isinama ng pag-aaral ang mga artikulo ni Mercado sa mga dyornal at kabanata sa mga aklat. Bagaman nasa 32 ang lahat ng mga limbag na aklat ni Mercado batay sa paglilista ni de Leon (2018), 19 lamang dito ang binaybay. Ito ay sapagkat ang 19 na ito lamang ang mayroon sa aking sariling aklatan.

Upang malaman kung ano sa mga akdang ito ang naglalaman ng talakayan ukol sa popular na debosyon, tiningnan ko ang talaan ng mga nilalaman ng aklat. Ginamit din ang indise ng bawat aklat upang makita kung saang mga pahina matatagpuan ang mga naturang talakayan. Hinanap dito ang susing salitang “popular na debosyon” gayundin ang mga partikular na halimbawa ng popular na debosyon sa Pilipinas tulad ng “Black Nazarene,” “Santo Nino,” “Virgin Mary,” “panata,” at iba pa. Pagkatapos, ang mga kalat-kalat na maliliit na talakayang ito ay pinag-ugnay-ugnay sa konteksto ng malalaking tema sa kaisipan ni Mercado ukol sa popular na debosyon sa mga kapatagang kalinangan, tulad ng usapin ng inkulturasyon, pagsasakatutubo, pagsasanib ng Kristiyanismo at tradisyunal na relihiyon, lohika ng popular na debosyon, at iba pa.

Sa pagbaybay sa 19 aklat na ito, mapapagtanto na napakaliit na bahagi lamang ng kabuuang kapantasan ni Mercado ang nakatutok sa popular na debosyon. Hindi ito gaanong tuon ng kanyang mga sulatin. Kadalasang ginagamit niya lamang ang popular na debosyon bilang halimbawang materyales sa kanyang mga talagang paksa. Sa katunayan, sa 19 aklat na ito, 9 na aklat lamang

ang naglalaman ng tuwirang pagbanggit, pagtalakay, o pagbibigay-halimbawa sa popular na debosyon. Kaya naman kakaunting pahina lamang sa bawat aklat niya ang may tuon sa popular na debosyon. Narito ang titulo ng siyam na aklat na may tuwirang pagtalakay sa popular na debosyon sa Talahanayan 1.

Kung tutuusin ay preliminaryo pa lamang ang pagsisiyasat na ito. Sa hinaharap ay maaaring isagawa ng ibang mananaliksik ang mas komprehensibong eksplorasyon sa pamamagitan ng inklusyon ng iba pang aklat ni Mercado at mga artikulo niyang nailimbag sa iba’t ibang dyornal at aklat.

Sa susunod na bahagi ay tatangkain nating isistematisa ang kaisipan ni Mercado sa popular na debosyon na mahahalaw sa mga aklat na ito. Pero bago ito ay susulyapan muna natin ang ilang impormasyon ukol sa talambuhay ni Mercado, na makatutulong upang higit nating maunawaan ang pagkahubog ng kanyang teolohiya at pananaw sa popular na debosyon.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Sino si Leonardo Mercado?

Ipinanganak si Leonardo Nieva Mercado sa Cebu noong ika-16 ng Marso 1935. Isang dentista mula sa Cebu ang ama niyang si Manuel Mejia Mercado, habang tubong Marinduque naman ang kanyang nars na ina na si Engracia Jamin Nieva (de Leon at Mejaro 2016). Sa Cebu Normal School siya nag-aral para sa antas elementarya at sekondarya. Nang makagradweyt sa hayskul noong 1952, nagpasya ang kanyang pamilya na lumipat sa Maynila. Sa Mapua Institute of Technology (kasalukuyang Mapua University) siya unang nag-aral sa kolehiyo, kung saan kumuha siya ng Mechanical Engineering. Ngunit pagsapit ng 1954 ay iniwan niya ang pag-aaral ng inhenyeriya upang pumasok sa Christ the King Seminary. Dito ay naging propesor niya si Ambrocio Manaligod, isang paring SVD, na madalas niyang mabanggit sa kanyang mga sulatin bilang unang humubog sa kanyang naiibang uri ng pamimilosopiya. Nagkamit din siya ng Licentiate in Theology mula sa Pontifical Gregorian University sa Roma, Italya. Para sa kanyang doktorado, pumasok siya sa Unibersidad ng San Carlos, ngunit matapos mamatay ng isang propesor niya doon na itinuturing niyang pangunahing mentor, nagpasya siyang lumipat sa Unibersidad ng Santo Tomas (UST) (de Leon 2019). Dito niya natapos ang kanyang PhD Philosophy, kung saan niya isinulat ang disertasyon na kalauna’y nailimbag bilang *Elements of Filipino Philosophy* (Mercado 1974).

Isang inordinahang pari si Mercado ng Societas Verbi Divini (Society of the Divine Word) o SVD. Bilang isang akademiko, nagturo siya sa kanyang alma mater na UST, kung saan niya hinawakan ang St. Thomas Aquinas Professorial Chair in the Humanities. Nagturo rin siya sa De La Salle University at Divine

Word University (nagsilbi siyang pangulo nitong huli sa loob ng anim na taon). Nagsilbi rin si Mercado bilang pangkalahatang kalihim ng Episcopal Commission for Inter-religious Dialogue ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines.

Sa kasalukuyan, marami na rin ang mga akdang nagsagawa ng eksposisyon kay Leonardo Mercado. Malinaw na tanda ito ng malawak na impluwensya ng kaisipan ni Mercado, at lalim ng kanyang kontribusyong akademiko. Isa sa unang naglimbag ng artikulo ukol sa kanya ay si Marella Mancenido (2010). Sa naturang artikulo, pinaghambing ni Mancenido ang kaisipan nina Mercado at Florentino Timbreza, yamang pareho silang kultural ang dulog sa pamimilosopiya. Ang kultural o antropolohikal na dulog na ito rin ni Mercado ang pinagtuunan ng pansin ni Emmanuel Batoon (2014a, 2014b) sa kanyang mga artikulo sa dyornal na *Kritike*. Nang pumanaw si Mercado noong 2020, naglimbag naman si Batoon (2020) ng tribyut ukol sa ambag ni Mercado sa nasyonalismo.

Isa rin si Mercado sa anim na pilosoper ng UST na itinampok ni Emmanuel de Leon (2019) sa kanyang disertasyon na kalaunan ay nailimbag bilang *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Pilipino*. Inilatag ni de Leon ang ambag ng UST sa Pilosopiyang Pilipino sa pamamagitan ng eksposisyon sa kaisipan ng anim na pangunahing Tomasining pilosoper: Mercado, Emerita Quito, Florentino Hornedo, Florentino Timbreza, Romualdo Abulad, at Alfredo Co. Isang taon bago ang paglitaw ng aklat na ito, naglimbag din si de Leon (2018) sa *Malay* ng isang ekspositoryong artikulo ukol kay Mercado. Liban sa dalawang ito, naglathala rin si de Leon at Marvin Mejaro (2016) ng isang pakikipanayam nila kay Mercado ukol sa buhay at pilosopiya nito. Bukod kina Mancenido, Batoon, at de Leon, ang grupo ni Francis Kenneth Raterta (2019) ay nagtampok din ng kaisipan ni Mercado sa pilosopiya at wikang Filipino, kung saan inihanay siya kina Ryan Maboloc, Ruby Suazo, at Jeffry Oca bilang mga intelektuwal sa katimugan ng Pilipinas.

Bagaman mahalaga ang mga akdang ito, lahat ng mga ito ay nakatutok sa ambag ni Mercado sa Pilosopiyang Pilipino, yamang lahat ng mga nasiping akda ay isinulat ng mga pilosoper. Wala sa mga itong nagmumula sa disiplina ng teolohiya. May pagtalakay si Stephen Bevans (2002) sa mga teolohikal na ideya ni Mercado, pero kalat-kalat na banggit lamang ito sa loob lamang ng limang pahina. Isa rin si Mercado sa mga itinampok na Pilipinong teologo sa *The Rise of Filipino Theology* nina Dindo Tesoro at Joselito Jose (2004), gayundin sa ikalawang tomo ng *Asian Christian Theologies: A Research Guide to Authors, Movements, Sources* (England et al 2003), ngunit pareho lamang itong napakaikling paglalarawan sa kapantasang teolohikal ni Mercado (2 pahina sa kaso ng una, at 4

pahina naman sa panig ng pangalawang nabanggit). Wala pa talagang isang buong libro, kabanata sa aklat, o artikulong teolohikal na nailimbag ukol kay Mercado. Kaya naman sa puwang na ito nais mag-ambag ng kasalukuyang pag-aaral, sa pamamagitan ng pagtingin sa kaisipan ni Mercado sa konteksto ng Teolohiyang Pilipino, partikular na sa paksa ng popular na debosyon.

Isang Eksposisyon sa Kaisipan ni Leonardo Mercado ukol sa Popular na Debosyon

Binigyan ng pagpapakahulugan ni Mercado (2000a) ang popular na debosyon gamit ang ideya ng kapwa niya paring SVD na si Bernhard Raas. Ang popular na debosyon, aniya, ay kolektibong pangalan para sa mga panalangin at kagawian na nagmula sa pribadong inisyatibo ng mga mananampalataya, at hindi tinatanggap ng hirarkiya ng Simbahang Katoliko bilang bahagi ng opisyal na liturhiya o pagsamba. Ang popular na debosyon ay manipestasyon ng tinatagurian ng marami na “katutubong Kristiyanismo” (folk Christianity). Itong katutubong Kristiyanismo, paliwanag ni Mercado, ay nabuo bunga ng pagtatagpo ng Kristiyanismong dala ng mga Kanluraning misyonero at ng tinatawag niyang “Tradisyunal na Relihiyon.” Itong Tradisyunal na Relihiyon ay tumutukoy sa samu’t saring espirituwal na kapaniwalaan ng mga katutubong Pilipino. Tinatawag minsan ito sa Pilipinas na “animismo” (pagsamba sa kalikasan), “Bathalismo” (nakasentro kay Bathala bilang pinakamataas na Diyos ng mga Tagalog), o “anitoismo” (nakatuon sa anito o kaluluwa ng mga namayapang ninuno). Sa kaso ni Mercado, ginagamit niya ang terminong “tradisyunal” sa “Tradisyunal na Relihiyon,” hindi bilang pagturing sa mga paniniwalang katutubo bilang atrasado, kundi pagkilala sa mga ito bilang nakagisnang paniniwala ng mga Pilipino bago ang pagdating ng mga banyaga.

Yamang madalas na ibinabangga ang popular na debosyon (‘di opisyal na liturhiya) sa opisyal na liturhiya ng simbahan, ayon kay Mercado (2000b) ay madalas na minamaliit o nilalait ang popular na debosyon. May ilang opisyal umano ng simbahan na sobrang istrikto at napakakritikal sa mga popular na debosyon. Sinipi niya ang misyolohistang si Paul Hiebert, na nagsabing ang popular na debosyon o katutubong Kristiyanismo ay “two-tier religion” o tila ba “religious schizophrenia.” Isa itong sitwasyon kung saan may dalawang relihiyong pinagsama, ngunit hindi naging ganap ang integrasyon. Malapit ito sa pinasikat na konsepto ni Jaime Bulatao na “split-level Christianity,” isang kalagayan kung saan naging panlabas na anyo lamang ang Kristiyanismo, ngunit hindi natagos ang kaloob-looban ng Pilipino kaya nanatili pa ring buo ang mga nakagisnang paniniwala. Isang halimbawa umano nito ang pagsisimba tuwing

Linggo, ngunit sa ibang araw ay pumupunta pa rin sa albularyo para magpagamot.

Gayunpaman, sa aklat na *From Pagans to Partners*, isinalaysay ni Mercado (2000b) na kalaunan ay nagbago ng pananaw si Bulatao ukol sa popular na debosyon at Tradisyunal na Relihiyon. Taong 1962 pa unang nailimbag ni Bulatao ang kanyang ideya ukol sa *split-level Christianity*. Kuwento ni Mercado, pagkalipas ng ilang taon mula noong 1962, nakausap niya muli si Bulatao. Sumang-ayon umano ito sa sinabi ni Mercado, na bagaman nananatili pa ring balido ang kanyang mga sikolohikal na obserbasyon ukol sa *split-level Christianity*, ang teolohiya sa likod nito ay napaglipasan na. Iginiit ni Mercado kay Bulatao na dapat nang irebisa ang tingin sa katutubong Kristiyanismo dahil sa naganap na Vatican II noong 1962-1965. Dahil dito ay naging mas simpatetiko kalaunan si Bulatao sa popular na debosyon at katutubong Kristiyanismo.

Ang pagbabago sa pananaw ni Bulatao ay mikrokosmo ng mas malawak na pagbabago ng perspektibo ng simbahang Katoliko ukol sa popular na debosyon. Dati ay may “klasikong pagtingin sa kultura” ang simbahan. Ang tinatanggap lamang ng Roma ay ang Kanluraning bersyon ng Kristiyanismo. Ngunit dahil sa Vatican II, nagsimula silang maging bukas sa mga ‘di Europeong manipestasyon ng mga popular na debosyon. Bukod sa Vatican II, ang pangunahing binibigyang-pagkilala ni Mercado ay si Pope John Paul II, na siyang nag-angat ng Tradisyunal na Relihiyon sa antas ng “pandaigdigang relihiyon.”

Para sa ibang kritiko, ang popular na debosyon ay manipestasyon ng sinkretismo, o paghahalu-halo ng paniniwala. Kritikal ang iba sa sinkretismo, dahil sa takot na masisira nito ang pagkadalisan ng Kristiyanismo. Ngunit giit ni Mercado, hindi naman awtomatikong masama ang sinkretismo. Sa aklat na *Doing Filipino Theology*, nabanggit ni Mercado (1997) na kung tutuusin, ang Kanluraning Kristiyanismo rin naman ay bunga ng napakaraming sinkretismo, lalo na ang paghahalo ng kulturang Hudyo at Griyego. Ang taguring sinkretismo ay nakakasangkapan pa nga ng mga Kanluraning Kristiyano para punahin ang mga ‘di Kanluraning anyo ng Kristiyanismo. Ngunit kung magiging obhektibo nga lang daw tayo, mapapagtanto natin na kung tutuusin ay Kristiyanismo ang isa sa pinakasinkretikong relihiyon sa daigdig.

Kahit hindi naman masama sa sarili nito ang terminong sinkretismo tulad ng naipakita, ngunit dahil sa negatibong konotasyon at kalabuan ng eksaktong kahulugan nito para sa iba, minabuti ni Mercado na ang gamitin na lamang ay “inkulturasyon.” Mas gusto niyang ilarawan ang popular na debosyon bilang inkulturasyon kaysa simpleng sinkretismo. Ang sinkretismo ay simpleng paghahalo lamang ng dalawang kultura. Kaiba rito, ang inkulturasyon ay terminong

opisyal na ginagamit ng simbahan bilang pagtukoy sa proseso ng kontekstuwalisasyon o pagpopook ng Kristiyanismo sa isang kultura. Nakabatay ang inkulturasyon sa doktrina ng inkarnasyon, ang pagkakatawang-tao ni Kristo. Modelo ito para sa Kristiyanismo, na saan mang kultura ito mapadpad, kailangang magbagong-bihis ito.

Paliwanag ni Mercado (1992), may dalawang uri ng inkulturasyon: opisyal na inkulturasyon at ‘di opisyal na inkulturasyon. Tumutukoy ang opisyal na inkulturasyon sa mga liturhiya na opisyal na tinatanggap ng simbahan. Matatawag din itong inkulturasyon yamang ang Kanluraning Kristiyanismo ay bunga rin ng maraming sinkretismo, at pagpopook din ito ng Kristiyanismo sa isang partikular na konteksto (Kanluran). Ang ‘di opisyal na inkulturasyon ay tumutukoy naman sa mga liturhiya na isinasagawa ng mga tao kahit walang pag-apruba mula sa Roma. Sa ilalim nito mailalagay ang mga popular na debosyon. Paliwanag ni Mercado (1992) sa aklat niyang *Inculturation and Filipino Theology*, anyo ng pagbabagong kultural ang ‘di opisyal na inkulturasyon. Sa tuwing may banyagang elemento na papasok sa isang kultura, nagaganap ang pagpapasya kung ito ay itatakwil o tatanggapin. Kapag tinanggap ito, dadaan ito sa modipikasyon bago tuluyang maging bahagi ng kultura. Ganito ang makikita sa mga popular na debosyon.

Ito ang dahilan kung bakit maging ang mga popular na debosyon na mula sa ibang bansa at nakapasok sa Pilipinas ay dumaan pa rin sa modipikasyon. Sa aklat na *Elements of Filipino Theology*, ginamit na halimbawa ni Mercado (1975) ang Flores de Mayo o Santacruzang Dinala ito ng mga misyonero sa Pilipinas mula sa Espanya. Ang pangunahing layunin nito ay parangalan si Birheng Maria sa pamamagitan ng pag-aalay ng bulaklak, isang ritwal na mga pari lamang dapat ang mangasiwa. Ngunit sa Pilipinas, dumaan na sa modipikasyon ang Santacruzang naging bahagi na ng Pilipinong popular na debosyon. Kaiba sa Espanya, mga layko o mamamayan mismo ang nangunguna sa Santacruzang halip na pari, at mga layko rin ang nangangasiwa ng maliliit na kapilya, at nag-aalay ng bulaklak kay Maria. Kaiba rin sa Espanya, ang sentro ng Santacruzang ay prusisyon. Paliwanag ni Mercado, naganap marahil ang modipikasyong ito bunga ng hilig sa prusisyon ng mga lahing Malayo, at pagkagiliw sa mga panlabas na simbolismo tulad ng mga ilaw.

Makikita rin ang ganitong modipikasyon sa kaso ng mga piyesta bilang popular na debosyon. Nang ipakilala ng mga Espanyol ang gawaing ito sa Pilipinas, ang orihinal na layunin nito ay alalahanin o ipagdiwang ang araw ng pagdating ng mga misyonero sa isang bayan, o araw ng dedikasyon ng simbahan o bayan sa isang santo. Ngunit dumaan na rin ito sa pag-aangkin ng mga Pilipino. Halimbawa, sa mata ng Pilipino, hindi

lamang limitado sa usaping pangrelihiyon ang piyesta tulad ng misa at relihiyosong prusisyon. Sa halip, ang piyesta ay panahon din ng muling pagsasama-sama ng mga pamilya, pagpapatibay ng pagkakaibigan, at pagsusulong ng pagkakaisa. Naging sentro rin ang pagkain sa mga piyesta. Para sa Pilipino hindi matatawag na piyesta ang isang okasyon kung walang pagkain. Kaya may kasabihan ang mga Bisaya na “Ang kumbira labaw pang kawatan kay sa tulisan” (ang piyesta ay mas matindi pang magnakaw kaysa sa kawatan) (Mercado 1975).

Maraming pagkakataon na nagkakabanggaan ang opisyal at ‘di opisyal na inkulturasyon. Nagaganap ito lalo na kapag mahigpit ang mga awtoridad ng simbahan at ipinagbabawal ang mga popular na debosyon. Ayon kay Mercado (1992), mababawasan ang tensiyon ito sa pamamagitan ng kompromiso sa pagitan ng dalawa. Isang halimbawa ng ganitong kompromiso ay kapag tinanggap na ng simbahan ang popular na debosyon upang maging bahagi ng opisyal na liturhiya. Nagaganap din ito kapag humahalaw ang simbahan ng mga simbolismo mula sa katutubong pamayanan at ginagamit ito sa liturhiya. Isang halimbawa nito ang Salubong (pagsasaakto ng muling pagkikita ni Hesus at Maria matapos ang muling pagkabuhay sa pamamagitan ng paggamit sa imahe nilang dalawa), na ginawa nang bahagi ng opisyal na liturhiya ng Muling Pagkabuhay.

Bukod sa opisyal na pagtanggap ng hirarkiya, isa pang nagiging daan ng pagbawas ng tensyon sa pagitan ng opisyal at ‘di opisyal na inkulturasyon ay ang pagpupunyagi ng mga teologo tungo sa integrasyon ng ilang katutubong elemento sa liturhiya. Halimbawa, matagal na nagsikap si Fr. Anscar Chupungco na maging bahagi ng liturhiya ng misa ang Panuluyan. Ang Panuluyan ay pagsasaakto ng paghahanap ni Maria at Jose ng matutuluyan para sa panganganak ni Maria kay Hesus. Sa mga teritoryo ng mga katutubo o *indigenous people* (IPs), naging polisiya rin ng simbahan na gamitin ang mga katutubong simbulo at ipasok sa liturhiya.

Para kay Mercado (2000b), taumbayan ang pinakamahusay na tagapagsagawa ng inkulturasyon. Sila ang mismong nakapaloob sa kultura at aktuwal nila itong ipinapamahay, kaya sila rin ang pinakamainam na ahente ng inkulturasyon. Sila ang may pinakakakayahang ipook ang Kristiyanismo upang ito ay tunay na maging Pilipino. Ang mga popular na debosyon ay isang halimbawa ng aktuwal na praksis ng taumbayan sa inkulturasyon. Kaya mainam umano na hindi basta-basta itatwa ng mga teologo at ng mga opisyal ng simbahan ang popular na debosyon. Sa halip, dapat pa nga raw matuto ang mga teologo mula sa taumbayan, dahil naniniwala si Mercado na ang taumbayan ang mismong lumilikha ng Teolohiyang Pilipino.

Upang higit pang ipagtanggol ang pagiging balido ng popular na debosyon, isinalaysay niya ang isang

karanasan na ikinuwento sa kanya ni Bulatao noong 1977. Masakit noon ang ulo ni Bulatao nang magtungo ito sa Simbahan ng Quiapo. Nakipila siya sa Poong Nazareno. Mayroong manang na tumutulung sa mga tao na ipahid ang panyo nila sa paa ng Nazareno. Nang ipahid umano ni Bulatao ang panyong ipinunas sa Nazareno sa kanyang ulo, nawala ang sakit nito. Paliwanag ni Mercado, ang panyo raw ba ang nagpagaling kay Bulatao? Ang sagot ni Mercado, ang nagpagaling kay Bulatao ay ang kanyang pananampalataya. Ikinumpara niya ito sa Mga Gawa 19:11-12, kung saan gumaling ang mga taong nagpahid ng panyo kay Pablo. Tulad ni Bulatao, gumaling sila sa pamamagitan ng pananampalataya, dahil pananampalataya ang nag-uugnay sa pagitan ng mga taong nagsasagawa ng popular na debosyon at sa Diyos. Saad pa ni Mercado (2000a), wala itong pagkakaiba sa pag-abot sa Diyos ng mga teologo at mga edukadong Kristiyanos. Kung paanong inaabot nila ang Diyos sa pamamagitan ng mga konsepto, inaabot naman ng taumbayan ang Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya na ipinapakita nila sa kanilang popular na debosyon, yamang ang popular na debosyon ay ekspresyon nila ng pananampalataya. Ang anekdotang ito ay malinaw na nagpapamalas ng pagtanggap at paggalang ni Mercado sa popular na debosyon bilang lehitimong anyo ng espirituwalidad.

Tulad ng nabanggit na, minamaliit ng iba ang mga popular na debosyon dahil tinitingnan ito bilang mahikal sa halip na rasyunal. Pinupuna rin ito dahil tila walang lohikal na kasanhian (*causality*) ang popular na debosyon. Halimbawa, ano ang lohikal at kasanhiang koneksyon sa pagitan ng pagpapahid ng panyo at paggaling ng karamdaman? Paliwanag ni Mercado (1975), mataas ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa simbulo. Ang simbulo ay tumutukoy sa isang gamit o bagay na kumakatawan sa reyalidad. Sa pananaw ng kulturang Pilipino, ang simbulo ay maaaring makaapekto mismo sa reyalidad. Nagpapakita umano ito ng ‘di linyar na tingin ng Pilipino sa kasanhian, kung saan hindi limitado ang mga koneksyon sa mga konkretong bagay sa reyalidad, kundi nakaugnay rin sa reyalidad ang mga simbulo. Ito ang dahilan kung bakit ang pagbasa sa paa ng Santo Niño ay pinaniniwalaang maaaring magdulot ng ulan, at ang pagdala ng anting-anting ay makapoprotekta sa may suot nito. Hindi naman daw ito ganoong ka-kakaiba, yamang ganito rin ang tingin ng simbahan sa mga sakramento. Ang pagkain sa tinapay tuwing Eukaristiya ay pagkain din mismo sa katawan ni Hesus. Kahit ang tinapay ay simbulo lang, may epekto ito sa reyalidad. Ganito rin umano ang pananaw ng Pilipino sa kasanhian na makapagpaliwanag sa penomenon ng mga popular na debosyon.

Samantala, bukod sa mga aklat na naglalaman ng kalat-kalat at maliliit na pagtalakay sa popular na

debosyon, mayroon ding isang aklat si Mercado na nakatuon lamang talaga sa paksa ng popular na debosyon. Ito ay ang aklat na *Filipino Popular Devotions: The Interior Dialogue Between Traditional Religion and Christianity* (Mercado 2000a). Ang aklat ay transkripsyon ng sampaksaang inorganisa at pinangunahan ni Leonardo Mercado, at ginanap sa De La Salle University noong Enero 21-22, 2000.

Sa aklat na ito, pinili ni Mercado na siyasatin ang paksa ng popular na debosyon sa konteksto ng inter-relihiyosong dialogo sa pagitan ng Kristiyanismo at Tradisyunal na Relihiyon. Ito ay sapagkat, gaya ng nabanggit na natin sa simula, para kay Mercado ang popular na debosyon ay manipistasyon ng katutubong Kristiyanismo, na bunga naman ng pagsasanib ng Kristiyanismo at Katutubong Relihiyon. Kaya naman, ang diyologo ng dalawa ay mainam na konteksto para sa pagtalakay sa popular na relihiyon. Upang maisagawa ito, pinili ni Mercado na maging panelista o kabahagi ng diyologo sa sampaksaang mga pantas na hindi lamang mula sa teolohiya, kundi pati sa iba't ibang sangay ng agham panlipunan: Benigno Beltran at George Zizelsberger (teolohiya), Hermel Fama (antropolohiya), Florentino Hornedo (pilosopiya), Ma. Cecilia Medina (Araling Asyano), Teresita Obusan (Araling Pilipino), at Fernando Zialcita (sosyolohiya). Sa konteksto ng inter-relihiyosong dialogo rin piniling talakayin ni Mercado ang popular na debosyon dahil noong binuo niya ang aklat, siya noon ang tumatayong pangkalahatang kalihim ng Commission for Inter-religious Dialogue ng Catholic Bishops Conference of the Philippines.

Hinati ni Mercado ang talakayan ng seminar/aklat sa tatlong tema: 1. Pasintabi, 2. Punas-punas, at 3. Pagpapakasakit.

Ukol sa paksa ng pasintabi, sinasabi nating mga Pilipino ang tabi-tabi po (o bari-bari sa Ilokano) kapag magtatapon ng anuman sa dilim, o kaya ay ihi sa isang puno. Mahusay itong ipinaliwanag ni Hornedo, na isa sa mga panelista ni Mercado. Aniya, ang mga tao ay mayroong “*mental ecosystem*” depende sa kanilang pananaw-pandaigdig. Sa loob ng *mental ecosystem* na ito, may mga lugar tayong itinuturing na sagrado. Kung magkaiba ang paniniwala ng mga tao, magkaiba rin ang kanilang *mental ecosystem*. Kaya naman ang banal na lugar para sa isa ay hindi banal para sa iba. Ito ang dahilan kung bakit nagtatabi-tabi po halimbawa ang isang lalaki kapag ihi sa puno, lalo kung hindi siya sigurado kung may nakatirang banal na nilalang dito. Maihian man ang tahanan ng banal na nilalang, yamang sila ang espirituwal at tayo ay hindi, mas madali silang magpatawad.

Sa usapin ng punas-punas, nabanggit ni Mercado na para sa mga Pilipino, ang kabanalan ay parang puwersa. Bilang puwersa, naniniwala silang maaari

itong maipasa, kapwa sa tao at sa gamit. Ito ang dahilan kung bakit isinasagawa sa mga popular na debosyon ang pagpupunas ng mga bagay tulad ng panyo, gaya sa kaso ng Poong Nazareno. Ito rin ang makapagpapaliwanag sa pagsusuot ng mga banal na bagay na pinaniniwalaang makapagpoprotekta sa tao tulad ng anting-anting. Nang dumating ang Kristiyanismo, nailipat ito sa pagsusuot ng mga bagay na nakaugnay sa simbahan tulad ng rosaryo at krus. Yamang naipapasa sa mga bagay na ito ang kabanalan, maaari itong makaprotekta sa nagsusuot.

Sa usapin naman ng pagpapakasakit, pamilyar tayo sa mga debosyon at panata tulad ng paghahampas ng likod, pagbubuhay ng krus, paglakad sa simbahan nang nakaluhod, at mismong pagpapapakasakit sa krus. Ani Mercado (2000a), isinasagawa ito ng mga deboto hindi dahil sa pagsisisi sa kasalanan. Ito ay sapagkat hindi gaanong naipasok sa kamalayang Pilipino ang konsepto ng kasalanan, lalo na dahil ang Tradisyunal na Relihiyon ng mga katutubo ay walang ganitong konsepto. Ang “sala” na salitang-ugat ng kasalanan ay nangangahulugan ding pagkakamali, na iba sa moral na konotasyon ng pagkakasala. Mga misyonerong Espanyol lamang ang gumamit sa kasalanan bilang salin ng “*sin*.” Sa halip, isinasagawa ang pagpapakasakit para sa kalakasan at kapangyarihan. Naniniwala ang mga Pilipino na tumataas ang potensya ng kapangyarihan ng isang bagay (tulad halimbawa ng anting-anting o krus) kung dumaan sa pagpapakasakit ang taong nagsusuot nito.

KONKLUSYON

Kung taumbayan ang lumilikha ng teolohiya gaya ng Teolohiyang Pilipino (na kinapapalooban ng mga popular na debosyon), ano ang gampanin ng teologo para kay Mercado? Ginamit ni Mercado (1975) ang imahe ng panganganak. Aniya, taumbayan ang ina na nagluluwal sa Teolohiyang Pilipino. Samantala, ang teologo naman ang nagsisilbing komadrona, na tumutulong upang maayos na mailuwal ng taumbayan bilang nanay ang sanggol (Teolohiyang Pilipino). Samakatuwid, hindi gampanin ng teologo, para kay Mercado, ang lumikha ng teolohiya. Ang teolohiya ay nariyan na, nasa wika at kultura ng taumbayan. Ang trabaho ng teologo ay palitawin na lamang at suriin ang nariyan na. Kaya naman, sa usapin ng popular na debosyon, gampanin ng teologo na suriin ito bilang manipistasyon ng Teolohiyang Pilipino at ng inkulturasyon ng taumbayan sa Kristiyanismo.

Konsistent ito sa modelo ng kontekstuwal na teolohiyang kinapapalooban ni Mercado ayon sa pagsusuri ni Bevans (2002). Sa aklat niyang *Models of Contextual Theology*, naglatag siya ng anim na modelo ng kontekstuwal na teolohiya o inkulturasyon:

1. *Translation Model* - Pagsasalin ng Kristiyanismo sa isang kultura. Mas mataas ang prayoridad na ibinigay nito sa Biblia/Tradisyong Kristiyano kaysa sa kultura kung saan ito isinasalin.
2. *Anthropological Model* - Pagpapalitaw ng teolohiya mula mismo sa kultura ng taumbayan. Mas mataas ang prayoridad nito sa kultura kaysa Biblia/Tradisyong Kristiyano
3. *Praxis Model* - Pagbibigay-prayoridad sa teolohiyang nagsusulong ng katarungan. Isang halimbawa nito ang *Liberation Theology* ng Latin Amerika at ang *Theology of Struggle* ng Pilipinas.
4. *Synthetic Model* - Sa modelong ito, pantay ang prayoridad sa pagitan ng Biblia/Tradisyong Kristiyano at kultura, kung saan tinatangang pag-usapin ang dalawa.
5. *Transcendental Model* - Pagbibigay ng prayoridad sa personal na espirituwalidad ng isang partikular na tao.
6. *Countercultural Model* - Pagbangga sa dominanteng kultura na tinitingnan bilang taliwas sa tunay na diwa ng Kristiyanismo.

Sa mga modelong ito, ang partikular na uri ni Mercado ay ang antropolohikal na modelo. Isa mismo si Mercado sa isinayt ni Bevans sa kanyang aklat lalo na sa bahagi kung saan ipinaliliwanag niya ang antropolohikal na modelo. Makikita ito sa mismong aklat ni Mercado (1975) na *Elements of Filipino Theology*. Dito, tiningnan niya ang paniniwala ng kulturang Pilipino sa samu't saring aspekto ng espirituwalidad tulad ng Diyos, kaluluwa, kabilang-buhay, kasalanan, kaparusahan, moralidad, pagsamba, at iba pa. Pagkatapos, pinagsama-sama niya ang mga “elementong” ito upang mabuo ang isang Teolohiyang Pilipino.

Ganito rin naman ang ginawa ni Mercado (1974) sa akda niyang *Elements of Filipino Philosophy*. Hinalukay niya ang mga kasabihan, kagawian, at kultura ng mga Pilipino na makikitaan ng kapaniwalaan nila sa aspekto ng indibiduwalidad, lipunan, panahon, espasyo, kasanhian, batas, at iba pa, pagkatapos ay tinipon niya ang mga ito bilang mga “elemento” ng Pilosopiyang Pilipino. Kaya nga tinawag ni Rolando Gripaldo (2000) ang dulong ni Mercado na “*anthropological/cultural approach to Filipino philosophy*” (kahanay niya rito si Timbreza).

Ang ganitong antropolohikal na modelo ni Mercado (sa teolohiya at pilosopiya) ang dahilan kung bakit mataas ang tingin at pagpapahalaga ni Mercado sa mga popular na debosyon kung ikukumpara sa iba niyang kakontemporaryong teologo. Sa aklat ni Mercado (1997) na *Filipino Religious Psychology*, inilalahad niya na sa mata ng mga elit at mga Pilipinong napasa-Kanluran ang kamalayan, ang mga nagsasagawa ng popular na debosyon ay mayroong *magical mentality* at tinitingnan ang mga ito na mas nakabababa kaysa sa

rational mentality ng mga elit. Kinukuwestiyon pa ng mga ito kung balido o tunay ba talaga ang mga popular na debosyon tulad ng Ati-atihan, Salubong, Moriones, Panuluyan, debosyon sa Poong Nazareno, at iba pa. Sa inorganisang sampaksaang ni Mercado na nagluwal sa aklat na *Filipino Religious Psychology*, nagkaroon ng konsensus ang mga kalahok na ang batayan kung balido o hindi ang isang popular na debosyon ay kung nagdulot ba ito ng pagbabago sa kalooban ng tao. Kung hindi ito nagdulot ng pagbabago sa pamumuhay, ibig sabihin ay nanatiling *split-level* ang Kristiyanismo ng tao. Dagdag pa ni Mercado, hindi lang dapat ang mismong aksyon ng popular na debosyon ang isaalang-alang. Dapat din umanong isaalang-alang ang motibasyon ng mga taong gumagawa nito bilang salik sa pagtasa kung balido ba ito o hindi.

Gayunman, sa kabila ng lahat ng pagtatanggol ni Mercado sa popular na debosyon, inamin niya rin na maaari rin itong maabuso o maging behikulo ng mga maling paniniwala. Ginamit ni Mercado (1992) na halimbawa ang kuwento ng isang matandang lalake sa Pangasinan. Sabi ng matanda, kung nanampalataya lang sana si Kristo sa kapangyarihan ng Santo Niño, hindi siya mapapako sa krus. Ipinapakita ng kuwento na sa labis na paniniwala ng matanda sa kapangyarihan ng Santo Niño, inakala niyang magkaiba ang Santo Niño at si Kristo. Isa pang halimbawa ng negatibong dulot ng ‘di maingat na pagpapahalaga sa popular na debosyon ay kapag inisip ng Katoliko na yamang dumadalo siya sa prusisyon, isinasayaw ang Santo Niño, o nagpupunas sa Poong Nazareno, ibig sabihin ay hindi na niya kailangang dumalo pa sa mga misa tuwing Linggo. Dagdag na paalala pa ni Mercado (1975):

[T]he theologian must also be aware that not everything the people may theologize is necessarily Filipino theology.

Sa papel na ito, natunghayan natin ang mga ideya ni Mercado sa popular na debosyon sa pamamagitan ng pagbaybay sa 19 sa kanyang 32 aklat (kung saan 9 lamang ang tuwirang may pagtalakay sa popular na debosyon). Tiningnan natin dito ang ilang tema ng kaisipan niya ukol sa paksa, tulad ng kahulugan ng popular na debosyon, pagdepensa sa popular na debosyon laban sa akusasyon ng sinkretismo, popular na debosyon bilang ‘di opisyal na inkulturasyon, taumbayan bilang ahente ng inkulturasyon, lohika ng popular na debosyon, at iba pa. Ito ay bilang ambag sa bugkos ng mga eksposisyon ukol kay Mercado. Bagaman marami-rami na ang sumuri sa kanya, mayorya rito ay nakatutok sa Pilosopiyang Pilipino. Wala pang gaanong eksposisyon na pumapansin sa kanyang mga kaisipan sa Teolohiyang Pilipino, at lalo’t higit na wala pa sa paksa ng popular na debosyon.

Isinagawa rin ito upang ipakita kung paano maaaring isagawa ang Araling Kapantasan, na naglalayong pataasin ang pagpapahalaga sa mga Pilipinong pantas, tungo sa pagbuo ng kasaysayang kapantasan ng mga disiplina sa Pilipinas. Kung tutuusin, preliminaryo pa lamang ang eksposisyon na ito kay Mercado; deskriptibo lamang ito at hindi kritikal o preskriptibo. Napakarami pang maaaring galugarin sa ekspositoriyong pananaliksik ukol kay Mercado sa konteksto ng Teolohiyang Pilipino. Sa konteksto ng Araling Kapantasan, maaaring ibuo at isistematisa ang kabuuan ng kapantasan ni Mercado bilang isang teologo. Puwede itong gawin ukol kay Mercado upang mas madali siyang maipakilala sa mga unang beses palang na babasa sa kanya. Maaari ring pumili lamang ng isang partikular na aspekto o paksa sa loob ng malawak na kapantasan ni Mercado, tulad halimbawa ng ginawa natin kung saan tumuon lamang tayo sa paksa ng popular na debosyon sa kanyang kaisipan. Maaari rin ang isang tuligsang uri ng eksposisyon, na nakatuon sa pagpuna sa ilang butas o kahinaan ng kanyang mga ideya. Isang posibilidad din ang aplikasyong uri ng eksposisyon, kung ang kanyang kaisipang teolohikal ay ilalapat sa mga napapanahong isyu ng lipunang Pilipino.

Makatuturan din kung isasagawa ang tinatawag kong “Komparatibong Araling Kapantasan” kung saan ikukumpara ang kaisipan ng isang pantas o teologo sa kaisipan ng iba pang teologo. Halimbawa, interesanteng pagkumparahin ang kaisipan at metodong teolohikal nina Mercado at Jose de Mesa, lalo na dahil pareho silang nagsusulong ng kultural na dulog sa pagteteolohiya. Pareho silang gumagamit ng mga konseptong Pilipino sa teolohikal na repleksyon at parehong nagmumula sa tradisyong Katoliko. Gayunman, marami ring pagkakaiba ang dalawa. Sa mga inilatag na modelo ni Bevans, habang nasa *Anthropological Model* si Mercado, nakapaloob naman sa kampo ng *Synthetic Model* si de Mesa. Kung ang diin ni Mercado ay nasa katutubo at lokal, mas nakatuon naman sa kasaklawang Pilipino o pambansa ang pagteteolohiya ni de Mesa. Sa usaping pangwika, Ingles ang pangunahing midyum ni Mercado habang nagsasalitan na Filipino at Ingles naman ang wika ng produksiyong intelektuwal ni de Mesa. Sa aspektong disiplinaryal, karamihan ng atensyon ni de Mesa ay nasa larangan ng teolohiya, habang mas dominante ang pilosopiya kaysa teolohiya sa buhay intelektuwal ni Mercado. Gamit ang iskema ni Guillermo (2016) na pagbibilang sa bibliograpiya batay sa wika at nasyunalidad, maaari rin itong gawin sa akda nina Mercado at de Mesa. Pagkumparahin natin halimbawa ang tig-isang aklat ng dalawa ukol sa Kristolohiya -- *Mga Aral sa Daan: Dulog at Paraang Kultural sa Kristolohiya ni de Mesa* at *Christ in the Philippines ni Mercado* (1982). Sa pagsayt ng mga akda sa wikang Filipino, mas mataas ang kay de Mesa na may 11 bilang,

habang 2 lamang ang kay Mercado. Pero sa usapin ng pagsayt sa mga akda ng mga kapwa Pilipinong manunulat, lumamang si Mercado na mayroong 59 bilang, habang kay de Mesa ay 30 lamang. Lahat ng ito -- disiplina, wika, modelo, padron ng pagsasayt, kultural na dulog -- ay siguradong mayroong implikasyon sa pagkakatulad at pagkakaiba ng pananaw ng dalawa sa ilang usaping teolohikal, tulad ng popular na debosyon.

May iba pang mga teologong maaaring ipares kay Mercado sa diwa ng Komparatibong Araling Kapantasan, tulad ni Dionisio Miranda na nagteteolohiya at namimilosopiya rin gamit ang kultural na dulog gaya ni Mercado. Maaari rin siyang ipangtapat sa mga teologong hindi kultural na dulog ang gamit bagkus ay panlipunang pagsusuri, tulad halimbawa nina Karl Gaspar at Edicio de la Torre. Magiging makabuluhan ang ganitong mga pananaliksik sa hinaharap para sa higit na paghanap sa lokasyon ni Mercado sa agos ng kasaysayang intelektuwal ng Teolohiyang Pilipino.

Sa diwa pa rin ng Komparatibong Araling Kapantasan, magiging produktibo rin maging ang pagtatambal kay Mercado sa mga teologo sa labas ng bansa. Halimbawa, magiging interesante kung sisiyasatin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng teolohiya ni Mercado sa ibang banyagang teologong ikinategorya rin ni Bevans (2002) sa ilalim ng *Anthropological Model*. Kapana-panabik ang magiging resulta ng pagtatambal kay Mercado sa mga kagaya ni Robert Hood (1994), na nagteteolohiya mula sa kulturang Aprikano Amerikano, o ni Vincent Donovan (1982), isang Amerikanong misyonero sa Aprika na nagteolohiya mula sa kalinangang Masai ng Tanzania. Magiging daan ang ganitong kaabalahan para sa pag-aambag ng Teolohiyang Pilipino sa inter-kultural na talastasan tungo sa pandaigdigang teolohiya.

Ngunit hindi lamang ito kay Mercado dapat isagawa. Napakarami pang Pilipinong teologo na hindi pa gaanong nasusulatan ng eksposisyon o naitatambal sa iba pang intelektuwal, lalo na sa wikang Filipino, gaya nina Melba Padilla Maggay, Dionisio Miranda, Evelyn Miranda-Feliciano, Walter Ysaac, Rodrigo Tano, Anscar Chupungco, at iba pa.

AMBAG NG MAY-AKDA

Sarili ng may-akda ang buong proseso ng pananaliksik, mula sa pagtipon ng mga datos at pagsusuri, hanggang sa aktuwal na pagsulat ng manuskrito.

SALUNGAT NA INTERES

Walang anumang salungat na interes ang pag-aaral.

MGA SANGGUNIAN

- Alatas, S. F. (2006). *Alternative discourses in Asian social science: Responses to Eurocentrism*. Sage Publications.
- Batoon, E. D. (2014a). Tracing Mercado's anthropological perspective (first of two parts). *Kritike*, 8(1), 1–23.
- Batoon, E. D. (2014b). Tracing Mercado's anthropological perspective (second of two parts). *Kritike*, 8(2), 1–18.
- Batoon, E. D. (2020). A tribute to Leonardo N. Mercado, SVD: His legacy to the Filipino nation. *Kritike*, 14(2), 1–5. https://www.kritike.org/journal/issue_27/batoon_december2020.pdf
- Bevans, S. B. (2002). *Models of contextual theology*. Logos Publications.
- De Leon, E. C. (2018). Leonardo N. Mercado (1935–): Eksplorasyon sa mga sangkap ng Pilosopiyang Filipino lampas sa tradisyonal na uri ng pamimilosopiya sa Pilipinas. *Malay*, 30(2), 58–80.
- De Leon, E. C. (2019). *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino: Ang intelektuwal na pamana ng mga pangunahing Tomasinong pilosoper sa kasaysayan ng pamimilosopiyang Filipino*. Komisyon sa Wikang Filipino.
- De Leon, E. C., & Mejaro, M. E. S. (2016). An interview with Leonardo Nieva Mercado, SVD. *Kritike*, 10(2), 1–20.
- De Mesa, J. M. (2004). *Mga aral sa daan: Dulog at paraang kultural sa Kristolohiya*. De La Salle University Press.
- De Mesa, J. M. (2017). Kapag ganda ang pag-uusapan: Mungkahi para sa dulog at paraan ng Mabathalang pag-aaral. In J. M. de Mesa, E. P. Padilla, L. L. Lanaria, R. C. Cacho, Y. D. Cipriano, G. N. Capaque, & T. D. Gener, *Ang maganda sa teolohiya*. Claretian Publications.
- Donovan, V. J. (1982). *Christianity rediscovered*. Orbis Books.
- England, J. C., Kuttianimattathil, J., Prior, J. M., Quintos, L. A., Kwang-sun, D. S., & Wickeri, J. (2003). *Asian Christian theologies: A research guide to authors, movements, sources*. ISPCK, Claretian Publishers, & Orbis Books.
- Gripaldo, R. (2000). *Filipino philosophy: A critical bibliography (1774–1997)*. De La Salle University Press.
- Guillermo, R. (2016). Sariling atin: Ang nagsasariling komunidad na pangkomunikasyon sa disiplinang Araling Pilipino. *Social Science Diliman*, 12(1), 29–47.
- Hood, R. (1994). *Begrimed and Black: Christian traditions on Blacks and Blackness*. Fortress Press.
- Mancenido, M. A. V. (2010). Filipino philosophy according to Mercado and Timbreza: A re-evaluation. *Dalumat*, 1(1), 80–95.
- Mercado, L. N. (1974). *Elements of Filipino philosophy*. Divine Word Publications.
- Mercado, L. N. (1975). *Elements of Filipino theology*. Divine Word Publications.
- Mercado, L. N. (1977). *Filipino religious psychology*. Divine Word University Publications.
- Mercado, L. N. (1982). *Christ in the Philippines*. Divine Word University Publications.
- Mercado, L. N. (1992). *Inculturation and Filipino theology*. Divine Word Publications.
- Mercado, L. N. (1997). *Doing Filipino theology*. Divine Word Publications.
- Mercado, L. N. (2000a). *Filipino popular devotions: The interior dialogue between traditional religion & Christianity*. Logos Publications.
- Mercado, L. N. (2000b). *From pagans to partners: The change in Catholic attitudes towards traditional religion*. Logos Publications.
- Raterta, F. K., Paña, J. P., Quebec, J. C., & Fernandez, G. C., Jr. (2019). Filipino language and Filipino philosophy from the perspective of four professors from the South: Interviews with Leonardo Mercado, Ryan Maboloc, Ruby Suazo, and Jeffry Oca. *SABTON: Multidisciplinary Research Journal*, 1(1), 1–13.
- Santos, M. J. P. (2023, June 28). *Araling Kapantasan*. Kultura Lektura Series of Research Institute for Culture and Language, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas.
- Tesoro, D. R. M., & Jose, J. A. (2004). *The rise of Filipino theology*. Daughters of St. Paul.